

ABISO SA HILING NG SUBURBAN WATER SYSTEM NA ITAAS ANG RATE PARA SA 2020 NA KASO NG PANGKALAHATANG RATE (APLIKASYON BLG. A.20-03-001)

有關中文的更多詳情，請致電 (626) 543-2640到San Jose Hills服務區，或致電 (562) 994-8291到Whittier / La Mirada服務區。有關本通知的中文版，請訪問我們的網站：www.swwc.com/suburban/announcements/

한국어로 자세한 정보를 원하시면 San Jose Hills 서비스 지역은 (626) 543-2640으로 전화하거나 Whittier / La Mirada 서비스 지역은 (562) 944-8219로 전화하십시오. 한국어로 된 이 통지서 사본은 웹 사이트 www.swwc.com/suburban/announcements/를 방문하십시오.

Para más detalles en español, llame al (626) 543-2640 para el área de servicio de San Jose Hills, o al (562) 944-8219 para el área de servicio de Whittier/La Mirada. Para obtener una copia de este aviso en español visite nuestro sitio web en www.swwc.com/suburban/announcements/

Bakit ko natanggap ang abisong ito?

Noong Marso 2, 2020, ang Suburban Water Systems (Suburban) ay nag-file ng isang General Rate Case (GRC) aplikasyon (A.20-03-001) sa California Public Utilities Commission (CPUC) na humihiling na taasan ang rate para sa 2020, 2022, at 2023.

Ang iminungkahing pagtaas ng rate ay magsisimula sa Enero 1, 2021. Ang Suburban ay humihiling ng pagtaas na \$14,268,446 (o 17.33%) sa 2021, karagdagang \$5,787,612 (o 6.04%) sa 2022, at karagdagang \$5,784,955 (o 5.70%) sa 2023, para sa kabuuang \$25,841,013 (o 31.4%) para sa pinagsamang tatlong taon.

Paano ito makakaapekto sa aking buwanang bayarin?

Kung ang kahilingan na pagtaas ng rate ng Suburban ay maaprubahan ng CPUC gaya ng iminungkahi, ang mga epekto sa karaniwang buwanang bayarin ng paninirahan ng kostumer gamit ang 13 ccf (ccf = 100 kubikong talampakan, 1 ccf = 780 galon ng tubig) bawat buwan para sa isang ¾ pulgadang metro, **hindi kasama ang anumang naaangkop na mga surcharge maliban sa bayarin sa reimbursement ng CPUC**, ay ang mga sumusunod:

	<u>2021</u>	<u>2022</u>	<u>2023</u>
<u>San Jose Hills Tariff Area 1</u>			
Kasalukuyang Bayarin	\$62.85	\$74.72 ¹	\$79.06 ²
Halaga ng Pagtaas	\$11.87	\$4.34	\$4.51
Bagong Bayarin	\$74.72	\$79.06	\$83.57
Porsiyentong Itinaas	19.1%	5.8%	5.7%
<u>Whittier/La Mirada Tariff Area 2</u>			
Kasalukuyang Bayarin	\$61.44	\$70.22 ¹	\$74.57 ²
Halaga ng Pagtaas	\$8.78	\$4.35	\$4.25
Bagong Bayarin	\$70.22	\$74.57	\$78.82
Porsiyentong Itinaas	14.3%	6.2%	5.7%

1: Tinatayang bayarin para sa 2022 matapos ang 2021 na pagtaas ng rate. 2: Tinatayang bayarin para sa 2023 matapos ang 2022 na pagtaas ng rate.

Sa ilalim ng iminumungkahing rate, sa Enero 1, 2021, ang buwanang singil para sa pribadong serbisyo ng sunog ay tataas mula sa \$23.47 sa \$27.54 bawat pulgada na dyametro ng koneksyon sa serbisyo, sa \$29.19 simula Enero 1, 2022, at sa \$30.86 simula Enero 1, 2023. Sa Enero 1, 2021, ang buwanang singilin para sa serbisyo ng fire hydrant ay tataas mula \$31.05 sa 36.43 para sa bawat karaniwang 6-pulgadang fire hydrant, sa \$38.762 simula Enero 1, 2022, at sa \$40.82 simula Enero 1, 2023.

Ang iminumungkahing mga pagtaas ng kita ay nakabalangkas sa tsart sa ibaba ayon sa klase ng kostumer at ipinapalagay na inaprubahan ng CPUC ang hiniling na pagtaas ng rate sa kabuuan nito.

Mga Iminumungkahing Pagtaas (Sa Libong Dolyar)								
Klase ng Kostumer	Kasalukuyang Kita	Pagtaas sa 2021			Pagtaas sa 2022		Pagtaas sa 2023	
	\$	\$	%	\$	%	\$	%	
Pang-tirahan	56,181.9	9,439.4	16.80	3,821.2	5.93	3,884.4	5.70	
Pang-negosyo	17,899.4	3,230.4	18.05	1,325.8	6.23	1,287.1	5.70	
Pang-industriya	2,670.7	580.9	21.75	228.3	6.50	213.0	5.70	
Mga Pamublikong Awtoridad	2,803.1	500.4	17.85	210.6	6.38	200.2	5.70	
Ibang Mga Utilidad ng Tubig na Muling Ibinibenta	40.1	5.4	13.54	2.7	5.88	2.7	5.70	
Serbisyo ng Tubig sa Konstruksyon	115.6	17.0	14.68	7.7	5.60	8.3	5.70	
Serbisyo ng Pribadong Proteksyon sa Sunog	1,513.0	262.2	17.33	108.4	6.01	108.9	5.70	
Serbisyo ng Fire Hydrant sa Pribadong Ari-arian	171.8	29.8	17.33	12.0	6.01	12.0	5.70	
Recycled na Tubig	924.8	203.0	21.95	71.0	6.29	68.3	5.70	
KABUUAN	82,320.4	14,268.4	17.33	5,787.6	6.04	5,785.0	5.70	

Bakit hinihiling ng Suburban ang pagtaas sa rate na ito?

Kinakailangan ng CPUC namag-file ang Suburban ng GRC tuwing tatlong taon. Ang iminumungkahing pagtaas ng rate ay gagamitin sa pagpapanatili at pagpapabuti ng sistema ng suplay ng tubig ng Suburban at binabawi ang pagtaas ng gastos sa pagpapatakbo at pagpapanatili. Ang mga rate na ito ay makakatulong sa pagpondo sa pagtrato ng tubig, pag-iimbak, at mga pasilidad sa pamamahagi upang matugunan ang mga inaasahang pangangailangan para sa serbisyo, at tinitiyak ang patuloy na pagsunod sa lahat ng naaangkop na mga pamantayan sa kalidad ng inuming tubig.

Paano gumagana ang mga natitirang proseso?

Ang aplikasyon na ito ay itatalaga sa isang Hukom ng Batas Administratibo (Hukom) na isasaalang-alang ang lahat ng mga mungkahi at katibayan na ipinakita sa panahon ng pormal na proseso ng pagdinig. Ang mga pagdinig sa ebidensya ay maaaring ganapin kung saan ang mga utility, grupo ng adbokasiya ng mamimili, at iba pang mga entidad na binigyan ng opisyal na katayuan bilang "mga partido" ay magpapakita ng kanilang patotoo at maaaring sumailalim sa pagsusuri ng ibang mga partido. Ang mga pagdinig sa ebidensya na ito ay bukas sa publiko, subalit ang mga partido lamang ang maaaring lumahok.

Matapos isaalang-alang ang lahat ng mga mungkahi at lahat ng katibayan na ipinakita sa panahon ng pormal na proseso ng pagdinig, ang itinalagang Hukom ay maglalabas ng isang iminungkahing desisyon na magpapasya kung tatanggapin ang lahat o bahagi ng kahilingan ng Suburban, baguhin ito, o tanggihan ito. Ang sinumang Komisyonado ng CPUC ay maaaring mag-isponsor ng alternatibong desisyon. Ang iminungkahing desisyon at anumang alternatibong desisyon ay pagbobotohan sa isang naka-iskedyul na Pagpupulong sa Pagboto ng CPUC.

Ang Pamublikong Tagapagtaguyod (ang Cal Advocates) ay nasuri na ang aplikasyon na ito. Ang Cal Advocates ay ang independiyenteng tagapagtaguyod ng mamimili sa loob ng CPUC na may mandatong naaayon sa batas upang kumatawan sa mga kostumer ng mga utility na pag-aari ng mamumuhunan upang makakuha ng pinakamababang posibleng rate para sa serbisyo na naaayon sa ligtas at maaasahang serbisyo at sa mga layunin ng estado sa patakaran sa kapaligiran. Ang mga kawani ng Cal advocates ay maraming kaalaman na dalubhasa sa ekonomiya, pananalapi, accounting at pag-iinhinyero. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Cal Advocates, mangyaring tumawag sa (415) 703-1584, mag e-mail sa PublicAdvocatesOffice@cpuc.ca.gov, o bisitahin ang website ng Cal Advocates sa www.publicadvocates.cpuc.ca.gov.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Makipag-ugnayan sa Suburban

Website: <http://www.swwc.com/suburban>

Email: San Jose Hills Service Area: sanjosehills@swwc.com;

Whittier/La Mirada Service Area: whittierlamirada@swwc.com

Telepono: (626) 543-2531

Ang mga kopya ng abisong ito ay makukuha sa website ng Suburban sa www.swwc.com/suburban/announcements/.

Makipag-ugnayan sa CPUC

Kung nais mong i-follow ang pagdinig na ito, o anumang iba pang isyung nahaharap sa CPUC, maaari mong gamitin ang

sebisyonang libreng suskripsyon ng CPUC. Magpalista sa <http://subscribecpuc.cpuc.ca.gov/>.

Kung nais mong magkomento sa pagdinig na ito, mangyaring bumisita sa cpuc.ca.gov/A2003001PublicComments

upang makapagsumite ng komento sa Docket Card ng CPUC. Maaari mo ring suriin ang iba pang mga pampublikong komento na may kaugnayan sa kahilingan sa rate na ito. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga proseso ng CPUC, maaari kang makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pampublikong Tagapayo ng CPUC gaya ng sumusunod:

Email: public.advisor@cpuc.ca.gov

Sulat: CPUC Public Advisor's Office
505 Van Ness Avenue
San Francisco, CA 94102

Telepono: 1-866-849-8390 (toll-free) o 1-415-703-2074
1-866-836-7825 (toll-free) o TTY 1-415-703-5282

Mangyaring banggitin ang **GRC Aplikasyon Blg. 20-03-001 ng Suburban Water System** sa anumang pakikipag-ugnayan na mayroon ka sa CPUC patungkol sa bagay na ito. Ang lahat ng mga pampublikong komento ay magiging bahagi ng pampublikong file ng pagsusulatan para sa pagdinig na ito at magagamit para sa pagsusuri ng itinalagang Hukom, ng mga Komisyoner, at ng mga nararapat na kawani ng CPUC.